# Habang Wala Pa Sila: Masining Na Pagsusuri Sa Mga Tula Ng Pag-Ibig Ni Juan Miguel Severo

**JESSA MAY S. DALDE**
Nueva Ecija University of Science and Technology
Jessa May S. Dalde, jessamaysantos@ineust.ph.education
0000-0002-7114-5333

*Abstrak* — Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang masuri ang librong "Habang Wala Pa sila" ni Juan Miguel Severo. Ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptibong pag-aaral na may paglalarawan, pagtatala, pagsusuri at pagbibigay interpretasyon sa kasalukuyang kalikasan o proseso.
Batay sa mga natuklasan nabuo ang mga sumusunod na konluksyon nakita ng mananaliksik na ang mga tula ay kinapapalooban ng mga leksiyon sa buhay katulad ng tungkol sa pag-ibig na sadyang kapupulutan ng aral. Mayroon ding magagandang layunin ang mga tula. Nais ng may akda na mabasa, malaman, kapulutan ng aral at isabuhay ang kanyang mga naging karanasan upang magkaroon ng kaalaman ang mga mambabasa. Samu't-saring emosyon o damdamin din ang mapapansin sa mga tula. Mayroong masaya, malungkot, galit at naiinis. Pagdating naman sa mga katangian ng Teoryang Romantisismo pinakang gamitin ang kahandaang magmahal sa babae/lalaki na nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian. Samantalang ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na makikita sa mga tula ay akmang-akma sa kasalukuyang nagaganap sa pang-araw-araw na buhay.
Matapos malagom ang lahat nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa mga kabataang milenyal iminumungkahing sumulat pa sila ng iba't ibang Spoken Word poetry upang mahasa ang kanilang mga natatagong talento. Sa mga guro ng wikang Filipino at panitikan iminumungkahi na maging bukas sa mga makabagong paraan ng paglikha ng tula. Sa mga mananaliksik na gumagawa ng pag-aaral at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, iminumungkahi na ipagpatuloy ang mga pag-aaral at pagsusuri na ginagawa upang makalikha ng maraming kaugnay na pag-aaral. Sa mga lokal ng pamahalaan at iba pang tagapagtaguyod ng Wikang Filipino iminumungkahi na ipagpatuloy ang mga gawaing nauugnay sa pagpapayaman ng wikang pambansa. Ang panghuli ay para sa mga mananaliksik, iminumungkahi na ipagpatuloy ang ginagawang pananaliksik upang makatulong sa pagyabong ng kaalaman ng mga amg-aaral at ng mga taong nais magkaroon ng malalim na kaalaman tungkol sa Spoken Word Poetry.

***Keywords* — *Pagsusuri, Mga Tula ng Pag-ibig, Juan Miguel Severo***

## I. Introduksyon

Sa kasalukuyang panahon upang mabuhay ang kinagisnang panitikan umusbong ang *Spoken Word Poetry* na bunga ng masining na pag-iisip kasabay ng makabagong panahon. Nauso ang pagbigkas ng makata ng kaniyang tula habang sinasabayan ito ng mga kumpas ng kamay at pag-arte sa entablado. Nagsusulat ang isang awtor ng mga kuwentong hindi lalagpas sa tatlong daang salita. Isinasalita ng isang bokalista ang mga liriko ng kaniyang tula sa saliw ng mga tunog ng bongo, trumpeta at gitara (Santos, 2008).

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Mababatid na sumasabay ang panitikan sa modernisasyon ng mundo sa pabago-bagong aspekto ng teknolohiya at *internet*. Ang modernisasyon na ito ang nagluwal sa mga makabagong anyo at pamamaraan ng pagtula, pagkukuwento at iba pang anyo ng panitikan. Dahil sa pagiging malikhain ng mga Pilipino hindi lamang ang mga paksa at paraan ng pagkakasulat ng tula ang nagbago. Maging ang paraan ng pagbigkas nito ay nagbago rin na tinatawag na *Spoken Word Poetry* na kilalang-kilala sa kasalukuyan at ng maraming kabataan.

Isa pa, ang *Spoken Word Poetry* ay isang uri ng pagtula kung saan sinasabayan ng pagtugtog ng mga instrumentong musikal ang pagbigkas ng makata sa mga berso mula sa kaniyang akda. Ginamit ito ng mga makatang African-American at Hispanic sa Estados Unidos upang tuligsain ang itinuturing nilang mga uri ng diskriminasyon ayon kay Asuncion, (2008).

Patunay lamang na makapangyarihan ang panitikan at ito ay may kakayahang magpahayag ng damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa lipunan, sa pamahalaan at sa kaugnayan ng kaluluwa sa Bathalang lumikha. Ang paraan ng pagpapahayag ay iniayos sa iba't iba niyang karanasan at lagay sa kalooban at kaluluwa na nakabalot ng pag-ibig o pagkapoot, ligaya o lungkot, pag-asa o pangamba . Tunay ngang pakikilusin ng panitikan ang alinmang uri ng lipunan katulad na lamang ng ginawa ng African-American at Hispanic sa Estados Unidos upang maipagtanggol ang kanilang bansa.

Isa si Juan Miguel Severo sa mga kilalang *Spoken Word Artist* sa Pilipinas. Siya ay tubong Malabon, isang makata, manunulat, musiko, at aktor. Siya ay miyembro ng lupon ng mga *Spoken Word Artists* na Words Anonymous, ng samahan ng mga mandudula na Writer's Bloc, Inc., at ng Film organization na UP Cinema. Ang "Habang Wala Pa Sila" ay isang koleksyon ng mga tula na karamiha'y isinulat upang itanghal. Ito ang kanyang unang libro ng mga tula. Laman ng koleksyong ito ang mga tula niyang may kuwento, may imahen, at may hugot. Naging kasangkapan si Juan Miguel Severo upang mailabas niya ang pagtula mula sa mga silid-aklatan at dinala ito sa mga pampublikong espasyo, open-mic clubs, at maging sa telebisyon at pelikula.

Binubuo ang librong "Habang Wala Pa Sila" ng mga tula ng pag-ibig na katha mismo ni Juan Miguel Severo. Nakapaloob sa mga tulang ito ang Teoryang Romantisismo. Sumibol ang romantisismo noong huling bahagi ng siglo 1800 at pagpasok ng 1900. Ang Teoryang Romantisismo na nakabatay sa kasaysayan at paghanga sa kagandahan ay nagpapakita ng napakaraming pagbabago na naganap sa panitikan. Ito ay makikita sa mga akdang tumatalakay sa mga paksang pag-ibig, mga awit at korido na ang pinaka paksa ay buhay-buhay ng mga prinsesa at prinsipe. Tumatalakay din ito sa mga katutubong buhay sa malalayong nayon. Lagi itong nagbibigay aral at itinatanim sa isipan na ang mga nagkakasala at masama ay parurusahan.

Ang terminong romantiko "maromantiko" ay unang lumitaw noong ika-18 siglo na ang ibig sabihin ay nahahawig sa malapantasyang katangian ng midyebal na romansa. Romantiko ang itinawag sa paraan ng pagsulat ng mga akdang pampanitikan sa panahon ng Romantisismo dahil

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

ang mga sanaysay, tula, maikling kwento na naisulat sa panahong iyon ay may pagkaromantiko ang paksa,tema at istilo ayon kay Limbo, (2015).

Dahil sa naglalaman ng mga paksang tungkol sa pag-ibig ang *Spoken Word Poetry* marami sa mga kabataan ang nahuhumaling dito. Sa kabila ng napakaraming pinagkakahumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan ay marami pa rin sa kanila ang nagbibigay atensyon na panuorin sa youtube ang mga ito, dayuhin sa mga piling lugar kung saan itinatanghal ang *Spoken Word Poetry*, at bumili ng mga librong naglalaman nito. Ang iba ay hindi pa makuntento bagkus sila mismo ay nahihikayat na bumuo ng kanilang sariling piyesa upang itanghal sa harapan ng madla o kaya ay ipadala sa *youtube* upang mapanuod ng buong mundo.

Isa nga sa mga kadalasang mapapanood ngayon sa mga pagtatanghal at lalo na sa mga paaralan ay ang *Spoken Word Poetry*. Bidang-bida ang anyo ng pagtulang ito lalo na sa tuwing sasapit ang buwan ng Agosto bilang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Mababatid na sumasabay ang panitikan sa modernisasyon ng mundo sa pabago-bagong aspekto ng teknolohiya at *internet*. Ang modernisasyon na ito ang nagluwal sa mga makabagong anyo at pamamaraan ng pagtula, pagkukuwento at iba pang anyo ng panitikan na ayon kay Santos, (2016).

Sa makabagong pamamaraan ng pagsulat at pagbigkas ng tula, nilalayon ng mananaliksik na suriin ang nilalaman ng akdang pinamagatang “Habang Wala Pa Sila” ni Juan Miguel Severo upang malaman ang mga aral na nakapaloob sa mga tula, mabatid ang mga layunin ng tula, maisa-isa ang bawat emosyon o damdamin na nakapaloob, mailahad ang mga katangian ng teoryang romantisismo na makikita sa mga tula at matukoy ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na matutuklasan sa pagsusuri ng mga tula.

## KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

*Spoken Word Poetry* ang tawag sa panibagong istilo ng pagtula na kinahuhumalingan ngayon ng mga kabataang milenyal kung tawagin. Patunay lamang ito na ang panitikang Filipino ay buhay pa rin at patuloy na yumayaman at lumalago sa pamamagitan ng mga malikhaing pag-iisip ng mga Filipino. Binanggit nga ni Santos (2016) na sumasabay ang panitikan sa modernisasyon ng mundo kung saan naging patok sa mga milenyal ang mga kuwentong isinulat sa anyo ng isang bidyo na may kaagapay na musika habang binabasa kung saan maaalalang sumikat si Marcelo Santos III, na mayroon na ngayong dalawang nailimbag na libro. Nariyan ang mga lupon ng maiikling tula na mabilis basahin ni Lang Leav. Hindi rin pahuhuli ang *battle rap* na pinabantog ng *FlipTop Battle League* na itinuturing na makabagong anyo ng balagtasan sa kasalukuyan. At mas lalong hindi magpapahuli ang lumalagong panitikan ng *Spoken Word Poetry* sa bansa kung saan naging tanyag si Juan Miguel Severo na kinilalang “Prinsipe ng Hugot.” Kinagiliwan ng mga kabataang milenyal si Juan Miguel Severo dahil sa kahusayan niya sa *Spoken Word Poetry*. Sa pamamagitan ng kanyang masining na pagpapahayag ng kanyang mga kathang tula ay naidadala niya ang mga tagapakinig sa kung ano ang damdaming namumutawi sa kanyang

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

mga piyesa. Sinabi ni Monleon (2001) na ang diwa ng makata ay batis na kadluan ng tubig sa tulain, walang pagkatuyo. Anumang oras na ibig isawak ang panulat ay maaari. Datapwat kailangan ang mauhaw, kailangan ang magkaroon ng tinatawag na sagimsim. Ito ay ang damdaming inantig o sinasalang gaya ng anumang bagay sa panganorin ng makata. Kasunod ng sagimsim ay ang paghuhulo. Sa paghuhulo'y kailangan ng isang makata ang maging dalubhasa sa damdamin at sa haraya. Maging bihasa sa paglalagay ng kanyang sarili sa kinalalagyan ng iba. Ang mga inilahad ni Monleon ay mga katangian na makikita kay Juan Miguel Severo kung kaya marami rin sa mga kabataan ang nahikayat na tumulad sa kanyang paraan ng pagtula.

Lalo pang naging interisado ang mga kabataang milenyal ng lumalim ang kanilang kaalaman tungkol sa *Spoken Word Poetry*. Binanggit ni Macas (2015) na ang *Spoken Word Poetry* ay malayang uri ng sining. Kagaya ito ng malayang taludturan, subalit kakikitaan na parang nakikipag-usap lamang. Hindi nito kailangang may tugma ang maganda pa rito ay pinapayagan ang paggamit ng Taglish (Tagalog-English). Sa kabila ng pagsasaulo ng mga *Spoken Word Artist* ng kanilang piyesa sila ay malaya ring magtanghal ng walang paghahanda. Maaari rin nilang awitin ang ilang parte sa kanilang piyesa o magtanghal na mayroong kasabay na musikang tumutugtog. Nakadagdag ang mga katangiang ito ng *Spoken Word Poetry* upang maraming kabataang milenyal ang gumamit ng ganitong uri ng pagtula sapagkat para sa kanila malaya nilang maipahahayag ang kanilang mga nararamdaman masaya man o malungkot ng walang halong pag-aalinlangan.

Sa panahon kung saan ang mga kabataang milenyal ay nagiging emosyonal na nauuwi sa pagkitil ng kanilang mga buhay, makatutulong ang *Spoken Word Poetry* upang maituon ang kanilang atensyon sa mga bagay na mas higit dapat na bigyan ng pansin. Nabanggit nga ni De Guzman (2018) na ang *Spoken Word Poetry* ay kasangkapan para makapagpagaling sapagkat ibinubulalas ito upang mangibahagi ng mga positibong salita. Pinaniniwalaan din ni De Guzman na makapangyarihan ang mga salita na nakapaloob sa *Spoken Word Poetry*. Dahil dito ang sinumang kabataang milenyal na dumaranas ng pagsubok sa buhay ay nabubuhayang muli sa tulong ng mga aral na mapupulot dito.

Ang *Spoken Word Poetry* ay hindi lamang nakatuon sa paraan ng pagtula bagkus bago ito itanghal sa entablado ay isinusulat muna ito ng mga *Spoken Word Artist* upang maiayos ng maganda at maisaulo. Isa ito sa naging dahilan kung bakit marami sa mga kabataang milenyal ang hindi nagkaroon ng interes sa unang pagsibol nito sa Pilipinas. Nabanggit nga ni Brand (2016) na marami sa mga kabataan ang nag-iisip na ang pagsusulat ay boring at nakakatamad, subalit sa katotohanan ang pagsusulat ay makatutulong sa pang-araw-araw na buhay. Sinabi niya na maaaring gamitin ang pagsusulat upang mailabas ang nasa saloobin ng isang tao, nakatutulong din ito upang maghilom ang mga sugat na natamo mula sa iba't ibang klase ng sakit na naranasan sa buhay, ginagamit din ito upang mailabas ang pagmamahal na nararamdaman sa iba't ibang bagay, nagagamit din ang pagsusulat upang maisiwalat ang hindi patas na pagtingin sa mga mamamayan o kahit na sinong tao. Ginagamit rin ito upang masabi ang nararamdaman ng hindi iniisip kung ano ang sasabihin ng iba.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Samakatwid ang *Spoken Word Poetry* ay paraan upang ang ano mang iniisip ng isang tao bata man o matanda ay maaari niyang maibahagi sa sanlibutan. Inilahad ni Rushdie (2008) na ang mga mag-aaral na may taglay na maraming karanasan ay inaasahang magkaroon ng higit na pag-unawa at pagkalugod sa daigdig ng imahinasyon na nilikha ng mga akdang pampanitikan. Ibig sabihin nito mas maraming karanasan mas maraming kaalaman ang maaaring maibahagi sa mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong istilo ng pagtula.


Tunay nga na sumasalamin ang *Spoken Word Poetry* sa kuwento ng naging karanasan ng bawat indibidwal ayon kay Boudreau (2009). Ito rin ang nagsisilbing gabay ng sinumang nakakapanood at nakakapakinig ng ganitong uri ng pagtula sapagkat ito ang patunay na higit sa lahat ang pinakamagaling magturo ay ang karanasan.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang Teoryang Romantisismo ay ginagamitan ng pagtinging moral, namamayani rin sa pananaw na ito ang emosyon o likas-kalayaan. Ibinatay din ang mga katangian ng Teoryang Romantisismo katulad ng pag-ibig sa kalikasan, pagmamahal sa lupang sinilangan, paniniwala sa taglay na kabutihan ng tao at kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. Tampok din dito ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Masasalamin na katulad ng teoretikal na balangkas ang konseptuwal na balangkas ay iniakma alinsunod sa Teoryang Romantisismo.

Makikita sa bahaging ito ng mga suliranin na nais sagutin ng pananaliksik. Sa unang kahon makikita ang mga aral na nakapaloob sa tula na maaaring mapulot ng mga mambabasa nito. Sa pangalawang kahon naman ay ang layunin ng bawat tula kung bakit ito ang napiling gawin ng manunulat na si Juan Miguel Severo. Sa pangatlong kahon ay makikita ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula na nais ikintal ng may akda sa mga mambabasa. Sa pang-apat na kahon ay makikita ang mga katangian ng Teoryang Romantisismo kung saan nais masuri ng mananaliksik kung ano-anong katangian ng Teoryang Romantisismo ang nagamit sa mga tula katulad ng pag-ibig sa kalikasan, pagmamahal sa kalayaan at sa lupang sinilangan, paniniwala sa taglay na kabutihan ng tao, paghahangad ng espiritwalidad at hindi mga bagay na materyal, pagpapahalaga sa dignidad, at kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. At ang panghuli na kahon ay makikita ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na natuklasan sa pagsusuri ng akda

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved




***Palarawan Bilang 1. Paradaym ng Pag-aaral***

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang mananaliksik ay tumukoy ng mga suliraning nais mabigyan ng kasagutan sa pananaliksik na isinasagawa. Sa tulong ng ilang mga pananaliksik at ilang mga tala na may kaugnayan sa ginawang pananaliksik, nabigyang daan nito upang matukoy ng mananaliksik ang limang mahahalagang suliranin na pagtutuunan sa pananaliksik na ito. Nilalayon ng pananaliksik na magkaroon ng malinaw at komprehensibong kasagutan sa mga sumusunod na suliranin o katanungan:

1. **Una**, ano ang mga aral na nakapaloob sa mga tula na nakasulat sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo?;
2. **Ikalawa**, ano ang layunin ng mga tulang nakapaloob sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo?;
3. **Ikatlo**, ano ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo?;
4. **Ikaapat,** ano-ano ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga tula na nakapaloob sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo?;
5. **Ikalima**, anong sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay ang natuklasan sa pagsusuri ng mga tula na nakapaloob sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo?

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Depinisyon ng mga Katawagang Ginamit**

**Awtor**. Ang awtor ay lumilikha ng mga bagay na karaniwang may kinalaman sa panitikan. Siya ang kalimitang nagsusulat ng mga tula, nobela, istorya, talumpati, liriko, at iba pa. Gayundin maaaring gumawa ang isang awtor ng mga aklat tungkol sa iba't ibang paksa katulad ng agham, sipnayan, pilosopiya, at marami pang iba.

**Elemento**. Tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng isang bagay o nilalang o kaganapan.

**Layunin**. Ang salitang-ugat ng layon. Ang ibig sabihin ng layunin ay pagkakaroon ng layon. Kapag sinabing may layunin, ibig sabihin ay may intensyon. Ang kasingkahulugan nito ay obhektibo.

**Milenyal**. Ang mga Milenyal (Generation Y) ay isang demograpikong grupo na sunod sa Henerasyong X. Walang tiyak na panahon kung kailan nagsimula o natapos ang henerasyon na ito; karaniwang ginagamit ng mga demograpo at mga mananaliksik ang unang bahagi ng dekada 1980 bilang ang simula ng mga taon ng kapanganakan at ang kalagitnaan ng dekada 1990 hanggang unang bahagi ng dekada 2000 bilang ang katapusan ng mga taon ng kapanganakan.

**Modernisasyon**. Ang modernisasyon ay ang pag-unlad ng isang bansa o lugar na kung saan ang mga pangangailangan ng mga tao ay natutugunan.

**Pagsusuri**. Ito ay ang proseso ng paghihimay-himay ng isang masalimuot na paksa o sustansiya upang maging mas maliit na mga bahagi, upang makatanggap ng isang mas mainam na pagkaunawa rito.

**Paksa**. Ito ay bahagi ng pangungusap. Ito ay maaaring tao, bagay o pangyayari na pinag-uusapan sa isang pangungusap.

**Panitikan.** Ito ay nagsasabi o nagpapahayag ng mga kaisipan, mga damdamin, mga karanasan, hangarin at diwa ng mga tao. Ito rin ang pinakapayak na paglalarawan lalo na sa pagsulat ng tuwiran o tuluyan at patula.

**Spoken Word Artist**. Ito ang nagsasagawa o nagtatanghal ng *Spoken Word Poetry*.

**Spoken Word Poetry**. Isa itong uri ng panitikan na naisasagawa sa pamamagitan ng pagtatanghal. Ito ay nagkukuwento o nagsasaad ng iba't ibang mga istorya. Kung minsa'y malungkot at kung minsan naman ay nakapagpapatawa.

**Teoryang Romantisismo**. Ito ay nagpapahalaga sa damdaming nakapaloob sa akda. Ang damdaming ito ay ipinahihiwatig sa salita, parirala, at pangungusap. Nagbibigay ang teoryang ito ng patunay hinggil sa mga bahaging nagpapakita ng pagtakas sa katotohanan, heroism at pantasya.

**Wika.** Bahagi ng pakikipagtalastasan. Kalipunan ito ng mga simbolo, tunog, at mga kaugnay na batas upang maipahayag ang nais sabihin ng kaisipan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay isasagawa upang masuri ang librong "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ni Juan Miguel Severo.

Ang makikinabang ng pag- aaral na ito ay ang mga sumusunod:

**Para sa Kabataang Milenyal.** Ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga milenyal upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa mga makabagong paraan ng pagtula gaya ng *Spoken Word Poetry*. Higit din nilang mapahahalagahan ang mga bisang taglay ng mga tula na maghahatid sa kanila upang maging kapaki-pakinabang na mga indibidwal. Mahihikayat din sila na kumatha ng *Spoken Word Poetry* na nauugnay sa kanilang sarili, mga mithiin, mga karanasan, at mga adhikaing magdudulot ng pagbabago sa kanilang sarili at maging sa lipunang kanilang kinabibilangan.

**Para sa mga Guro ng Wika at Panitikan**. Ang pananaliksik na ito ay mahalaga para sa mga guro ng wika at panitikan sapagkat maaari nilang gamitin sa pagtuturo ng panitikan ang *Spoken Word Poetry* upang maging kaaya-aya at kapana-panabik ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ang pananaliksik na ito sapagkat nagkaroon ng panibagong istilo ng paggawa ng tula at pagtatanghal ng tula na maaaring ituro sa mga mag-aaral upang ang dating paraan ng pagtula ay magkaroon ng buhay at sigla para sa kanila.

**Para sa iba pang Mananaliksik na Gumagawa ng Pag-aaral at Pagsusuri ng mga Akdang Pampanitikan.** Makatutulong ang pananaliksik na ito upang maging gabay nila sa mas malawak na pagsusuri ng mga *Spoken Word Poetry* bilang kaugnay na pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga pinagsama-samang kaugnay na pag-aaral tungkol sa mga akdang pampanitikan magiging malawak ang kaalaman ng mga mananaliksik na magiging daan upang mapagbuti at mapaganda nila ang kanilang mga pag-aaral na kaugnay ng pananaliksik na ito.

**Para sa Lokal ng Pamahalaan.** Magsisilbi itong patunay upang maipagpatuloy pa ang mga gawaing nauugnay sa pagpapayaman ng wikang pambansa. Para sa lokal na pamahalaan makatutulong ang pananaliksik na ito upang mahikayat ang mga kabataang milenyal sa kanilang lugar na sumulat at magtanghal upang maging huwaran sa kapwa nila kabataan.

**Para sa Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino.** Para naman sa tagapagtaguyod ng Wikang Filipino malaki ang maitutulong nito sapagkat sa pamamagitan ng *Spoken Word Poetry* ay mapagyayaman ang *lingua franca* ng bansang Pilipinas at mabubuhay nito ang panulaang Filipino na hindi na kagaya ng makalumang pamamaraan bagkus panibagong istilo na mas kaaya-aya at nakatatawag pansin para sa mga kabataang iniluwal sa mundo ng modernisasyon.

**Para sa mga Mananaliksik.** Ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa mananaliksik upang malaman ang mga aral na nakapaloob sa mga tula na nakasulat sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo. Nais ding mabatid ang layunin ng

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

mga tula, maisa-isa ang magagandang kaisipan na nahahayag at nailalarawan sa bawat tula. Gayundin upang mailahad ang elemento ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga tula at matukoy ang implikasyon sa buhay ng tao na natuklasan sa pagsusuri ng mga tula.

## II. Methodolohiya

Sa kabanatang ito malalaman ang paraan at disenyo na ginamit sa pananaliksik**,** mga instrumentong ginamit sa pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos. Tinalakay din dito kung paano pinili ang mga datos at kung paano napadali na mabigyan ng kasagutan ang mga nailahad na suliranin sa pananaliksik.

### Ang Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibong pag-aaral na naglalayong masuri ang mga tula ng pag-ibig mula sa librong "Habang Wala Pa Sila" ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo. Ang deskriptibong pananaliksik ay may paglalarawan, pagtatala, pagsusuri, at pagbibigay interpretasyon sa kasalukuyang kalikasan o proseso. Ginamit ang disenyong ito upang maipakita at mabatid ang mga aral na nakapaloob sa tula, mga layunin na makikita sa tula, mga magagandang kaisipan na nahahayag at nailalarawan sa bawat tula, mga katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga tula at ang mga sitwasyong nagaganap sa araw-araw na buhay ng tao na natuklasan sa pagsusuring ginawa.

### Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon lamang sa mga tula ng pag-ibig na nakapaloob sa librong "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng kilalang *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo. Saklaw din nito na malaman ang mga aral na nakapaloob sa mga tula na nakasulat sa libro, nais ding mabatid ang layunin ng mga tula, gayundin upang maisa-isa ang mga emosyon o damdamin na nakapaloob sa bawat tula. Nais din ng pananaliksik na mailahad ang mga katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga tula na nakapaloob dito at matukoy ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na natuklasan sa pagsusuri ng mga tulang nakapaloob sa "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo.

### Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos

Pinili ng mananaliksik ang librong "Habang Wala Pa Sila" na isininulat ng *Spoken Word Artist* na si Juan Miguel Severo na naglalaman ng mga tula ng pag-ibig. Ang aklat na ito ang napili ng mananaliksik sapagkat ito ang kauna-unahang libro ng *Spoken Word Poetry* na nailimbag at ginawang libro.

Nagkaroon ng paunang pagbasa ang mananaliksik upang makita ang mga suliranin na maaaring mabigyan ng kasagutan gamit ang isinagawang pananaliksik.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

Pagkatapos mabasa ng mananaliksik ang mga tula ng pag-ibig na mula sa aklat na "Habang Wala Pa Sila" na isinulat ni Juan Miguel Severo ay sinuri ng mananaliksik ang mga ito upang maipakita at mabatid ang mga aral na nakapaloob sa tula, mga layunin na makikita sa tula, mga magagandang kaisipan na naihahayag at nailalarawan sa bawat tula, mga katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga tula at ang mga sitwasyong nangyayari sa pang-araw-araw na buhay ng tao na natuklasan sa pagsusuri.

## III. Resulta and Diskusyon

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap tungkol sa "HABANG WALA PA SILA: MASINING NA PAGSUSURI SA MGA TULA NG PAG-IBIG NI JUAN MIGUEL SEVERO."

**Talahanayan 1. Mga Aral na nakapaloob sa Tula**

| Pamagat ng mga Tula | Mga Aral na nakapaloob sa Tula |
|---|---|
| **Basang Sapatos** | Ang aral na nais ikintal ng may akda sa mga mambabasa tungkol sa "Basang Sapatos" ay kung sino man ang tao na magtatangkang umibig dapat handa itong masaktan. |
| **Isang Bulalakaw** | Maikli ngunit siksik ang tulang "Isang Bulalakaw" nais ng may-akda na ikintal sa puso ng mga mambabasa ang aral na huwag kang gagawa ng desisyon na hindi mo pa napag-iisipan ng mabuti. |
| **Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi** | Ang alin mang problema na dadating ay dapat matapang na harapin sapagkat ang mga problemang ito ay pagsubok lamang upang masukat kung gaano katatag ang pananampalataya sa Panginoon. |
| **Naniniwala Ako** | Masasalamin sa tula ang matibay na paniniwala sa mga kasabihan ng pangunahing tauhan. |
| **Sa Parating Huli** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Parating Huli" ay dapat matuto tayong tumupad sa kung ano ang napag-usapan. |
| **Kapag Sinabi Kong Mahal Kita** | Ang aral na makikita rito ay huwag gawing biro ang salitang "Mahal Kita" dahil ang salitang ito ay maraming pananagutan na dapat gampanan kapag ito ay iyong tinuran. |
| **Bago Ka Umalis ng Bahay** | Ang aral na makikita mula sa tula ay ang pagdadamayan ng magkapatid sa hirap at ginhawa. |
| **Karaoke** | Ang aral na nakapaloob sa tula ay iwasan ang paglilihim. |
| **Kapag Tapos Na Ang Lahat** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Kapag Tapos na ang Lahat" ay dapat walang bibitaw ano man ang problemang kakaharapin ng kanilang relasyon. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Corregidor, Bataan** | Ang aral na nakapaloob sa tula na nais ikintal ng may akda sa mga mambabasa ay huwag kang mabuhay sa nakaraan bagkus harapin mo ang buhay sa hinaharap. |
| **Balita** | Ang aral na nakapaloob sa tula ay huwag mong paikutin ang buhay mo sa isang tao. |
| **Ang Mga Lugar Ay Pawang Mga Lugar Lamang** | Ang aral na nakapaloob sa tula ay sulitin ang mga araw na nakakasama mo pa ang taong mahalaga sa iyo. |
| **Isang Letra** | Ang aral na nakapaloob sa tula ay isang pagkakamali mo lang ay maaari ng mabago ang lahat. |
| **Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton** | Nais lamang ikintal ng may akda sa puso at isip ng mga mambabasa na sa isang iglap maaaring magbago ang lahat. |
| **Kerida** | Ang pagtitiis ay may katapusan. Ito ang aral na nais ikintal ng may akda sa mga mambabasa. |
| **Mga Basang Unan** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Mga Basang Unan" ay maghihilom ang mga sakit na naidulot sa atin ng mga mahal natin sa buhay. |
| **Bisita** | Ang aral na nakapaloob mula sa tula ay huwag na huwag mong ipakikita sa taong nanakit sa iyo na hindi ka pa maayos, na hindi ka pa buo. |
| **Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Ang Huling Tula na Isusulat ko Para Sa'yo" ay huwag kang magkikimkim ng ano mang sama ng loob sa kahit na kaninong tao magulang man ito, kaibigan, katrabaho o kahit kasintahan. |
| **Guimaras** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Guimaras" ay bilang isang tao na nakararanas din ng pagod paminsan-minsan kinakailangan ding magpakalayo-layo at kalimutan pansamantala ang mga problema. |
| **Ang Nag-iisa** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Ang Nag-iisa" ay minsan sa buhay ng isang tao darating sa punto na kailangan niyang sumugal upang makamtan ang kaligayahan na ninanais ng lahat. |
| **Pasasalamat** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Pasasalamat" ay kailangang matutong tumanaw ng utang na loob sa mga taong tumulong sa iyo malaki man ito o maliit upang makamit ang kung ano man ang mayroon ka ngayon. |
| **Pagsisiga sa Tabing Dagat** | Ang aral na nakapaloob mula sa tulang "Pagsisigà sa Tabing Dagat" ay mahalin ang mundo. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 2. Mga Layunin na Makikita sa Tula**

| Pamagat ng mga Tula | Mga Layunin na makikita sa Tula |
|---|---|
| **Basang Sapatos** | Ang layunin ng tulang "Basang Sapatos" ay mamulat ang mga mambabasa na hindi lahat ng masayang istorya sa simula ay mauuwi rin sa masayang katapusan *(Happy Ending)*. |
| **Isang Bulalakaw** | Layunin ng tulang "Isang Bulalakaw" na ipaalam sa mga mambabasa na hindi lamang ikaw ang tao sa mundo kung kaya't huwag maging makasarili. |
| **Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi** | Layunin ng tula na maipaalam sa mga mambabasa na pagkatapos ng dilim ay mayroong liwanag. |
| **Naniniwala Ako** | Layunin ng tula na bigyang pag-asa ang mga mambabasa na unti-unti ng nawawalan ng pag-asa. |
| **Sa Parating Huli** | Nilikha ang tulang sa "Parating Huli" upang malaman ng mga mambabasa na hindi magandang gawi ang palagiang pagdating ng huli. |
| **Kapag Sinabi Kong Mahal Kita** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na ang salitang "Mahal kita" ay hindi nagtatapos sa mahal lang kita. |
| **Bago Ka Umalis ng Bahay** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na ano man ang mangyari sa atin, ano man ang problemang ating kakaharapin ay palaging may pamilya tayo na handang tumulong at dumamay sa atin. |
| **Karaoke** | Layunin ng tula na ipaalala sa mga mambabasa na walang masama sa pagsasabi ng totoo dahil ayon nga sa kasabihan ang pagsasabi ng tapat ay pagsasama ng maluwat. |
| **Kapag Tapos Na Ang Lahat** | Layunin ng tula na imulat ang mga mambabasa na hindi palaging masaya ang pakiramdam kung ikaw ay umiibig. |
| **Corregidor, Bataan** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na hindi makatutulong ang pagtatanim ng galit sa kapwa o sa taong nakagawa sa iyo ng masama. |
| **Balita** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na marami pang magagandang bagay sa paligid na maaaring bigyan ng pansin. |
| **Ang Mga Lugar Ay Pawang Mga Lugar Lamang** | Layunin ng tula na ipaalala sa mga mambabasa na maikli lamang ang buhay ng tao at ano mang oras ay maaari itong magwakas kapag dumating na ang itinakdang oras. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Isang Letra** | Ang layunin ng tulang "Isang Letra" ay ipaalam sa mga mambabasa na sa bawat salitang ating binibitawan mahaba man o maikli ay mayroong malaking impak sa mga taong makababasa o makaririnig nito. Kagaya ng mga salitang ginamit sa tulang 'Isang Letra" na binigyan-diin mula rito ginamit ang salitang "Hindi Pa" na ang ibig sabihin ay laging may paanyaya ng simula. |
| **Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton** | Ang layunin ng tula mula sa tulang "Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton" ay maitatak sa mga mambabasa na walang permanente sa mundo. |
| **Kerida** | Ang layunin ng tula ay iparating sa mga mambabasa na ang pagtitiis ay may hangganan. |
| **Mga Basang Unan** | Ang layunin ng tula ay malaman ng mga mambabasa na hindi madaling maghilom ang mga sugat na dulot ng nakaraan. |
| **Bisita** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na sa lahat ng pagkabigong nararanasan sa buhay kailangan mo pa ring maging matatag. |
| **Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo** | Ang layunin ng tula na nais matutunan ng mga mambabasa ay ang pagpapatawad. |
| **Guimaras** | Layunin ng tula na ang mga mambabasa ay matutong magsaya paminsan-minsan upang makalimutan ang mga masasakit na karanasan na dulot ng kasawian sa pag-ibig. |
| **Ang Nag-iisa** | Layunin ng tula na bigyan ng positibong pag-iisip ang mga mambabasa upang hindi matakot na sumugal alang-alang sa mga minimithi ng kanilang mga puso. |
| **Pasasalamat** | Layunin ng tula na ipaalam sa mga mambabasa na ano man ang narating mo sa buhay hindi lamang ikaw ang may kagagawan nito bagkus aminin man o hindi, hindi magiging matagumpay ang isang tao kundi sa tulong ng kanyang kapwa. |
| **Pagsisiga sa Tabing Dagat** | Layunin ng tulang "Pagsisiga sa Tabing Dagat" na buhayin ang mga dugong natutulog ng mga tao. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3. Mga Emosyon na Nakapaloob sa Tula**

| Pamagat ng mga Tula | Mga Emosyon na nakapaloob sa Tula |
|---|---|
| **Basang Sapatos** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay malungkot. |
| **Isang Bulalakaw** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tulang "Isang Bulalakaw" ay ang pamumuhi ng pangunahing tauhan sa kanyang iniirog. |
| **Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tulang Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi ay Masaya. |
| **Naniniwala Ako** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay ang pananabik ng pangunahing tauhan na dumating ang matagal na niyang hinihintay at ito ang pagkakataong maibalik din sa kanya ang pagmamahal na ibinibigay niya sa kanyang katipan. |
| **Sa Parating Huli** | Ang nais ikintal ng may aklda sa mambabasa ay galit siya sa kanyang katipan dahil sa palaging huli nito. |
| **Kapag Sinabi Kong Mahal Kita** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay labis na pagmamahal ng pangunahing tauhan sa kanyang kasintahan. |
| **Bago Ka Umalis ng Bahay** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay pagkainis. |
| **Karaoke** | Dahil sa pagdududang nararamdaman ng pangunahing tauhan sa kanyang lola makikita na ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay malungkot. |
| **Kapag Tapos Na Ang Lahat** | Ang emosyon o damdamin na nangingibabaw sa tula ay ang pagsusumamo ng pangunahing tauhan, nakikiusap siya sa kanyang katipan na walang iwanan bagkus pagtutulungan nilang dalawa na maging maayos at maging matatag ang kanilang relasyon. |
| **Corregidor, Bataan** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay masaya sapagkat ang pangunahing tauhan mula sa tula ay nagkaroon ng motibasyon. |
| **Balita** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay pagkahumaling sapagkat mababasa mula sa tula na hinahanap-hanap ng pangunahing tauhan ang kanyang iniirog kahit sa hindi inaasahang lugar kagaya ng diyaryo sa umaga. |
| **Ang Mga Lugar Ay Pawang Mga Lugar Lamang** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay malungkot sapagkat mababasa mula sa tula na ang taong pinakamamahal ng pangunahing tauhan ay wala na. |
| **Isang Letra** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay naiinip na sapagkat sa tinagal-tagal ng kanyang paghihintay na mapasakanya ang taong matagal na niyang inaasam na makuha ay hanggang ngayon wala pa rin. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton** | Dalawang emosyon ang nakapaloob sa tula, masaya at malungkot. |
| **Kerida** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay malungkot sapagkat mapapansin na ang relasyon ng pangunahing tauhan at ng kanyang katipan ay nagbago. |
| **Mga Basang Unan** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay pighati na dulot ng pagkabigo sa pag-ibig. |
| **Bisita** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tulang "Bisita" ay pagkukunwari ng tunay na nararamdaman. |
| **Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay malungkot. |
| **Guimaras** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay malungkot. |
| **Ang Nag-iisa** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tula ay masaya sapagkat ang pangunahing tauhan ay may positibong pananaw sa buhay. |
| **Pasasalamat** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob mula sa tulang "Pasasalamat" ay masaya. |
| **Pagsisiga sa Tabing Dagat** | Ang emosyon o damdamin na nakapaloob sa tula ay malungkot. |

### Talahanayan 4. Katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga Tula

| Pamagat ng mga Tula | Katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa mga Tula |
|---|---|
| **Basang Sapatos** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Isang Bulalakaw** | Mula sa tulang "Isang Bulalakaw" ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula rito ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi** | Kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan ang makikita mula sa tulang "Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi". |
| **Naniniwala Ako** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa tulang "Naniniwala Ako" ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Sa Parating Huli** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Kapag Sinabi Kong Mahal Kita** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na masasalamin mula sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Bago Ka Umalis ng Bahay** | Kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula sa tula. |
| **Karaoke** | Makikita na ang katangian ng Teoryang Romantisismo na ginamit sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Kapag Tapos Na Ang Lahat** | Ang katangian ng Teoryang Romantisimo na ginamit mula sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Corregidor, Bataan** | Mula sa tulang “Corregidor, Bataan” makikita na ang katangian ng Teoryang Romantisismo ay ang magmahal sa kalayaan at sa lupang sinilangan. |

| | |
|---|---|
| **Balita** | Kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan ang katangian ng Teoryang Romantisismo na ginamit sa tulang ito. |
| **Ang Mga Lugar Ay Pawang Mga Lugar Lamang** | Ang katangian ng Teoryang Romantisimo na ginamit mula sa tulang “Ang mga Lugar ay Pawang mga Lugar Lamang” ay kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Isang Letra** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na mababasa mula sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na nakapaloob sa tula ay kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Kerida** | Ang katangian ng Teoryang Romantisimo na makikita mula sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Mga Basang Unan** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na ginamit mula sa tulang “Mga Basang Unan” ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

| | |
|---|---|
| **Bisita** | Ang katangian ng Teoryang Romantisimo na makikita mula sa tula ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula sa tulang "Ang Huling Tula na Isusulat ko Para Sa Yo" ay kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Guimaras** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na mababasa mula sa tulang "Guimaras" ay pagmamahal sa kalayaan at sa lupang sinilangan. |
| **Ang Nag-iisa** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula sa tulang "Ang Nag-iisa" ay kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. |
| **Pasasalamat** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula sa tulang "Pasasalamat" ay paniniwala sa taglay na kabutihan ng tao. |
| **Pagsisiga sa Tabing Dagat** | Ang katangian ng Teoryang Romantisismo na makikita mula sa tulang "Pagsisiga sa Tabing Dagat" ay pagmamahal sa kalayaan at sa lupang sinilangan. |

## Talahanayan 5. Mga Sitwasyong Nagaganap sa Pang-araw-araw na Buhay

| **Pamagat ng mga Tula** | **Mga Sitwasyong Nagaganap sa pang-araw-araw na Buhay** |
|---|---|
| **Basang Sapatos** | Sa unang bahagi ng tula ibinahagi ng may akda ang kanyang karanasan bilang isang mamamayan na lumaki sa lugar ng Malabon. |
| **Isang Bulalakaw** | Ang buhay ng tao ay parang isang bulalakaw sa isang iglap lang maaaring bawiin ito ng Panginoon sa iyo. |
| **Maliwanag ang Langit, Malamig ang Gabi** | Mapapansin mula sa tula na hindi na pinalagpas ng pangunahing tauhan ang kanyang pagkakataon na makilala at malaman ang pangalan ng dilag na nakapukaw ng kanyang pansin. |
| **Naniniwala Ako** | Hindi maikukubli mula sa nilalaman ng tulang "Naniniwala Ako" ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay katulad ng mga paniniwalang nabanggit sa tula. |
| **Sa Parating Huli** | Ugali ng mga Pilipino ang pagdating ng huli lalo na sa mga lakad kung kaya't nagkaroon ng kasabihan na "Filipino Time". |
| **Kapag Sinabi Kong Mahal Kita** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tula ay ang pagmamahal na kayang ibigay ng pangunahing tauhan para sa kanyang katipan na ginagawa rin ng mga taong tunay na umiibig sa kanilang mga minamahal. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Bago Ka Umalis ng Bahay** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tula ay ang pagmamahal ng magkapatid sa isa't-isa. |
| **Karaoke** | Maganda ang nabuong samahan ng pangunahing tauhan at ng kanyang lola. Sa tuwing sila ay magkikita nagiging pampalipas oras nila ang pagkanta at ang magandang gawi nilang ito ay nagpapakita ng kanilang magandang samahan. |
| **Kapag Tapos Na Ang Lahat** | Nakakabilib ang ipinamalas na ugali ng pangunahing tauhan dahil kaya niyang ibaba ang kanyang pagkalalaki masiguro lamang na hindi na mawawala sa kanya ang kanyang minamahal. |
| **Corregidor, Bataan** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tula ay ang pagkabigo na normal na nararanasan ng mga tao. |
| **Balita** | Marami ang nasisirang buhay dahil sa sobrang pagmamahal. Kagaya ng sa tulang "Balita" makikita na umikot ang buhay ng pangunahing tauhan sa kanyang iniirog dahil sa lubos na pagkahumaling dito. |
| **Ang Mga Lugar Ay Pawang Mga Lugar Lamang** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na mababasa mula sa tula ay ang pag-ibig na mayroong wakas. Kung pakasusuriin mula sa tula ay ang pangunahing tauhan at ang kanyang kasintahan ay naghiwalay. |
| **Isang Letra** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na mababasa mula sa tulang "Isang Letra" ay  ang paghihintay ng matagal. |

| | |
|---|---|
| **Ang Ikatlong Batas ng Pagkilos Ayon Kay Newton** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na masasalamin mula sa tula ay iyong walang permanente sa mundo. |
| **Kerida** | Ang sitwasyong nakapaloob mula sa tula ay hindi nalalayo sa napapanahong sitwasyon na kasalukuyang umiiral sa nakararami. |
| **Mga Basang Unan** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tulang "Mga Basang Unan" ay ang makaranas ng pagkabigo sa pag-ibig. |
| **Bisita** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita at mababasa mula sa tula ay ang kaugalian ng mga tao o maging mga Pilipino na magkunwari, anuman ang kanilang tunay na nararamdaman. |
| **Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tulang "Ang Huling Tula na Isusulat ko Para Sayo" ay ang pagmamahal ng labis na hindi natutumbasan ng taong pinag-uukulan nito. |
| **Guimaras** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tulang "Guimaras" ay ang panandaliang paglimot sa mga problemang kinakaharap. |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Ang Nag-iisa** | Ang sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na masasalamin mula sa tulang "Ang Nag-iisa" ay ang patuloy na pagiging positibo sa buhay ng mga tao sa kabila ng mga mapapait na karanasang pinagdaan sa buhay. |
| **Pasasalamat** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na makikita mula sa tula ay ang pagtutulungan ng magkakapamilya, magkakaibigan, at magkakatrabaho. |
| **Pagsisiga sa Tabing Dagat** | Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na buhay na mababasa mula sa tulang "Pagsisiga sa Tabing Dagat" ay ang araw-araw na nakikita mo sa mundong iyong ginagalawan, ang araw-araw mong naririnig mula sa radyo maging sa telebisyon. |

## IV. Konklusiyon

1. Kinapapalooban ng maraming leksiyon sa buhay ang kanyang mga tula, mga aral tungkol sa pag-ibig na sadyang kapupulutan ng aral. Para sa mga iibig pa lamang, kasalukuyang umiibig at para sa mga nasawi na sa pag-ibig malaki ang maitutulong ng libro upang lumawak ang kaalaman ng mga mambabasa pagdating sa pag-ibig sapagkat nagbubukas ito ng daan tungo sa pagkakaroon ng magandang relasyon.

2. Mayroon ding magagandang layunin ang mga tula na sinuri sapagkat hindi lamang ito isinulat ng may akda upang ibahagi sa mga mambabasa ang kanyang mga karanasan sa pag-ibig bagkus isinulat niya ito sa kadahilanang marami siyang mga bagay na nais ibahagi sa kanyang mga mambabasa. Nais ng may akda na mabasa, malaman, kapulutan ng aral at isabuhay ang kanyang mga naging karanasan upang magkaroon ng kaalaman ang mga mambabasa at makaiwas sa mapait na karanasan na pinagdaanan ng may akda.

3. Samu't-saring emosyon o damdamin ang mapapansin sa mga tula na sinuri ng mananaliksik. Mayroong masaya, malungkot, galit, at naiinis. Normal ang mga ganitong emosyon sapagkat tao lang naman ang may akda na may damdamin din. Lalo na sa isang taong umiibig ang paglabas ng iba't-ibang emosyon ay hindi maiiwasan, mayroon siyang masaya kapag maayos ang kanilang relasyon, mayroong malungkot kapag nagkakaroon ng mga hindi pagkakaunawaan, naiinis kapag sinusubukan ang kanilang katatagan at galit kapag nakagagawa ng bagay na hindi tama ang isa sa kanila.

4. Pagdating naman sa mga katangian ng Teoryang Romantisismo na ginamit sa mga tulang sinuri, pinakang gamitin ay ang kahandaang magmahal sa babae/lalaking nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan sapagkat mas binigyang pokus ng may akda mula sa kanyang mga tula ang pag-iibigan ng lalaki at babae. Sumunod na mas gamitin ay ang pagmamahal sa kalayaan at sa lupang sinilangan. Ginamit ng may akda ang lugar ng "Corregidor, Bataan", "Guimaras", at ang "Pagsisiga sa Tabing Dagat" upang ipakita ang kanyang masidhing pagmamahal sa bayan. Panghuli ay ang paniniwala sa taglay

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

na kabutihan ng tao kung saan ginamit ng may akda ang tulang "Pasasalamat" upang maipakita niya na sa panahon ngayon ay marami pa ring mga tao ang may busilak na puso.

5. Ang mga sitwasyong nagaganap sa pang-araw-araw na makikita sa mga tula ay akmang-akmang na nakikita sa araw-araw na buhay. Walang pagkukubli na isiniwalat at ipinaalam ng may akda sa mga mambabasa ang kasalukuyang nangyayari at kinakaharap ng mga tao pagdating sa pag-ibig. Malinaw niyang naipaalam sa mga mambabasa ang kasalukuyang nangyayari sa mga taong iibig, umiibig at kasalukuyang iibig pa lang.

## SANGGUNIAN

[1] Aniston, Jennifer (2001). The Greater Your Capacity to Love na matatagpuan sa https://jenniferaniston-wordpress.
[2] Bonoan, Reggee (2018). Dapat Game kang Sumugal sa Pag-ibig, at Dapat handa ka ring Masaktan na matatagpuan sa https://bandera.inquirer.net/196044/angelica-dapat-game-kang-sumugal-sa-pag-ibig-dapat-handa-ka-ring-masaktan
[3] Buensalida, Joel (2011). Paano mo Bibigyang Kahulugan ang Salitang Pag-ibig na matatagpuan sa https://joelbuensalida.wordpress.com/2011/02/13/paano-mo-bibigyang-kahulugan-ang-salitang-pag-ibig/
[4] Brand, Hayley (2016). Students Find Healing Through Spoken Word Poetry na matatagpuan mula sa http://ow.ly/srrW305LpAt
[5] Canimo, Ron (2015). Untold Story: Kung Paano Mag-move On ang Nang-iwan na matatagpuan sa https://roncanimo.weebly.com/essay/untold-story-kung-paano-mag-move-on-ang-nang-iwan
[6] De Guzman, Nickky P. (2018). Spoken Word Poetry, an Art beyond Hugot na matatagpuan sa https://www.bworldonline.com/spoken-word-poetry-an-art-beyond-the-hugot/
[7] Esteban, Carl Joseph B. (2012). Sa Pagmamahal Lahat Tayo ay Nasasaktan na matatagpuan sa http://carlesteban.blogspot.com/2012/10/sa-pagmamahal-lahat-tayo-ay-nasasaktan.html?m=1
[8] Feelita (2008).Hanapin na matatagpuan sa https://feelita.wordpress.com/tag/sakit/
[9] Guevara, Jesse (2014). Maglibang Ka Naman na matatagpuan sa http://wagasmalaya.blogspot.com/2014/03/maglibang-ka-naman.html?m=1
[10] Hermocilla, Martin C. (2012). Isang Paglalahad na matatagpuan sa http://isangpaglalahad.blogspot.com/2012/03/pagkatuto-sa-pag-ibig.html?m=1
[11] Itanganco12 (2010). Gabay sa Pagdedesisyon na matatagpuan sa https://ltanganco12-wordpress-
[12] Jonnalnv (2017). Lahat ng Bagay Nagbabago na matatagpuan sa https://jonnalnv-wordpress-
[13] Limbo, Donamay (2015). Teoryang Romantisismo na matatagpuan sa https://donamaylimbo-wordpress-
[14] Macas, Trisha (2015). Spoken Word a Marriage of Poetry and Theater na matatagpuan sa https://www.gmanetwork.com/news/lifestyle/artandculture/532509/spoken-word-a-marriage-of-poetry-and-theater/story/
[15]
[16] Plata, Fatima Angelique (2012). Kapag Nagmamahal Tayo na matatagpuan sa http://stfuasshoooles.blogspot.com/2012/08/?m=1

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

[17] Panghulan, Virge (2018). Paano Kalimutan ang Taong minsa'y naging Mundo mo? Na matatagpuan sa http://malungkot.com/paano-kalimutan-ang-taong-minsay-naging-mundo-mo/
[18] Pangkat Pagkakaisa (2015). Pagmamahal sa Kapatid na matatagpuan sa http://tunaynapagibig-com.over-blog.com/2015/10/pagmamahal-sa-kapatid-5.html
[19] Russell, Marie T. (2011). Pagiging Matapat sa Iyong Sarili: Ang Landas ng Kaligayahan at Kagalakan na matatagpuan sa https://tl.innerself.com/content/personal/happiness-and-self-help/self-help/4687-being-true-to-your-self.html
[20] Santos, Tomas U. (2008). Muling Pagbuhay ng Kinagisnang Panitikan na matatagpuan sa https://varsitarian.net/filipino/20081117/muling_pagbuhay_ng_kinagisnang_panitikan.
[21] Santos, Tomas U. (2016). Panitikan sa Panahon ng Internet na matatagpuan sa https://varsitarian.net/filipino/20160428/panitikan_sa_panahon_ng_internet
[22] Sarino, Anthony R. (2012). Kapangyarihan ng Pag-ibig na matatagpuan sa http://anthonyrosalessarino.blogspot.com/2012/01/kapangyarihan-ng-pag-ibig.html?m=1
[23] Soriano, Erin Raisa (2015). Ang mga Paniniwalang Taglay ng mga Pilipino na matatagpuan sa https://uclaliwanagatdilim2015-wordpress-
[24] Tan, Chinkee (2015). Paano Mababayaran ang Utang na Loob na matatagpuan sa https://chinkeetan.com/2015/10/18/paano-mababayaran-ang-utang-na-loob/
[25] Tan, Chinkee (2016). Let Your Yes Be Yes na matatagpuan sa https://chinkeetan.com/2016/04/16/let-your-yes-be-yes/
[26] Tan, Chinkee (2018). Halaman Lang ang Itinatanim, Hindi Sama ng Loob na matatagpuan sa https://chinkeetan.com/2018/05/28/loob-chinkee-tan-wealth-coach/
[27] Villajos, Leahna (2018). Mahalin ang Natatanging Tahanan ng Sangkatauhan na matatagpuan sa https://www.veritas846.ph/mahalin-ang-natatanging-tahanan-ng-sangkatauhan/
[28] Weil, Bonnie E. (2012). Paano Upang Pagtagumpayan ang mga Hamon para sa Isang Mapagmahal na Relasyon na matatagpuan sa https://tl.innerself.com/content/personal/relationships/5202-challenges-to-a-lasting-relationship-by-dr-bonnie-eaker-weil.html

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## AUTHOR'S PROFILE



**JESSA MAY S. DALDE**

### EDUCATION

- **MASTER OF ARTS IN EDUCATION MAJOR IN FILIFINO**
  - March 2019
  - Core Gateway Colleges Inc.
  - San Jose City. Nueva Bog
- **BACHELOR OF SECONDARY EDUCATION MAJOR IN FILIFINO**
  - August 2016
  - Central Luzon Sure University
  - Science City of Manoz, Nueva Ecija

### PROFESSIONAL EXPERIENCE

- **NUEVA ECIJA UNIVERSITY OF SCIENCE AND TECHNOLOGY FORT MAGSAYSAY CAMPUS**
  - August 2019—Present
  - Instructor I
- **MIDWAY COLLEGES**
  - June 2018 - April 2019
  - College Instractor
- **CORE GATEWAY COLLEGES INC.**
  - June 2017 - Apel 2018
  - High School Teacher
- **BETHANY CHRISTIAN ACADEMY**
  - Jane 2016 - Apsil 2017
  - High School Teacher

### SKILLS

- Communication Skills
- Computes Literacy
- Creativity

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved